

Patakaran sa Privacy ng WA Notify

Nalalapat ang patakaran sa privacy na ito sa app na WA Exposure Notifications (Mga Notipikasyon sa Pagkakalantad ng WA) para sa COVID-19. Ito ang opisyal na teknolohiya sa notipikasyon sa pagkakalantad para sa Estado ng Washington, na ginawa sa pangangasiwa at pag-endorso ng Washington State Department of Health (Departamento ng Kalusugan ng Estado ng Washington).

Ano ang impormasyong kinokolekta at ginagamit namin?

Para humanay sa layunin ng Google at Apple, ang WA Exposure Notifications (kilala rin bilang WA Notify (Pag-abiso ng WA)) ay idinisenyo para protektahan ang privacy ng user bilang nangungunang priyoridad. Kinokolekta ng WA Notify ang mga elemento ng data na ito, na hindi naglalaman ng data na maaaring tumukoy sa iyo:

- **Mga Random na Code**
 - Ibinabahagi ang mga random na code sa pamamagitan ng Bluetooth sa pagitan ng mga smartphone ng mga user ng WA Notify kapag malapit sila sa isa't isa.
 - Ginagawa at sino-store ang mga random na code sa iyong smartphone, hindi ng WA Notify.
 - Ginagamit lamang ang mga random na code para pahintulutan ang WA Notify at ang iyong smartphone na tingnan ang mga posibleng pagkakalantad sa COVID-19.
 - Sino-store ang mga random na code hanggang sa 30 araw.
- **Code sa Pagberipika**
 - Kung nasuri kang positibo para sa COVID-19, at nakipag-ugnayan sa iyo ang pampublikong kalusugan, tatanungin nila sa iyo kung gumagamit ka ng WA Notify. Kung oo, gagawa sila ng code sa pagberipika at tutulungan ka nilang ilagay ito sa WA Notify.
 - Sa pamamagitan ng paglagay ng iyong code sa pagberipika, pinapahintulutang ibahagi ang iyong mga random na code sa iba pang user ng WA Notify para maabisuhan sila na maaaring nalantad sila, nang hindi sinasabi ang pagkakakilanlan.
 - Ikaw ang magpapasiya kung ilalagay ang code sa pagberipika o hindi.
- **Mga Log ng Pagtawag**
 - Gaya ng halos anumang app o serbisyo sa internet, awtomatikong gumagawa ng mga log ang WA Notify kapag ginagamit mo ang serbisyo. Kasama sa mga log na ito ang ilang impormasyon tungkol sa iyong smartphone. Ginagamit namin ang impormasyong ito para lutasin ang mga isyu sa WA Notify.
 - Hindi kasama sa mga log na ito ang mga random na code o code sa pagberipika at hindi ito magagamit para iugnay ang uri ng code pabalik sa iyo o iyong smartphone.
 - Awtomatikong dine-delete ang mga log na ito 7 araw pagkatapos gawin ang mga iyon.
- **Data ng Analytics**
 - Kung pinili mong i-enable ang karagdagang analytics, ibabahagi ang limitadong pinagsama-samang data sa pampublikong kalusugan para mapahusay ang app.
 - Kasama sa data na ito ang istatistika tungkol sa kung paano ginagamit ang app. Wala itong anumang impormasyon na magagamit para tukuyin ka.
 - Puwede mong piliing huwag ibahagi ang data na ito sa pamamagitan ng pag-off ng pagbabahagi ng analytics sa app.

Ayon sa pagkakadisenyo nito, hindi kinokolekta ng WA Notify ang data ng lokasyon mula sa iyong smartphone, at hindi nito kinokolekta o ibinabahagi ang impormasyong nag-uugnay sa iyo o iyong smartphone sa mga random na code o mga code sa pagberipika.

Kailan namin ibinabahagi ang iyong impormasyon?

Hindi namin boluntaryong kokolektahin o ibabahagi ang alinman sa iyong impormasyon sa sinuman, maliban kung pagpapasiyahan mong maglagay ng code sa pagberipika. Kung gagawin mo ito, ibabahagi ng WA Notify ang iyong mga random na code sa iba pang smartphone na naging malapit sa iyong smartphone. Hindi puwedeng maiugnay pabalik sa iyo ang code sa pagberipika ng sinumang walang access sa iyong smartphone.

Paano namin pinoprotektahan ang iyong impormasyon?

Pinoprotektahan ng WA Notify ang mga random na code gamit ang Exposure Notification Framework (Balangkas ng Notipikasyon sa Pagkakalantad) ng Google at Apple, na may kasamang mga partikular na kinakailangan tungkol sa kung paano i-encrypt at ilipat ang mga iyon. Hindi sino-store o ginagawa ng WA Notify ang iyong mga random na code — ang iyong smartphone ang gumagawa nito.

Ang iyong mga karapatan sa impormasyon mo

Dahil wala kaming paraan para iugnay ang code sa pagberipika o mga log ng paggamit ng app nang wala ang iyong smartphone, wala kaming paraan para ligtas na ibigay sa iyo o i-delete ang impormasyong ito kung hihilingin mo. Ikaw ang may kontrol sa paggamit ng WA Notify. Dapat kang pahintulutan ng iyong smartphone na i-off ang mga notipikasyon sa pagkakalantad o i-delete ang mga log sa pagkakalantad sa iyong smartphone anumang oras. Dagdag dito, maaari mong i-uninstall ang WA Notify anumang oras. Kung gagawin mo ito, ide-delete ang lahat ng na-store na random na code.